The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church
Vol. 12 • Issue No. 9 • March 3, 2024 Php 15.00

VOICE OF THE VISION

# THE PRACTICES OF A True Believer



**1 John 3:10-15 (NKJV)**

[10]In this the children of God and the children of the devil are manifest: Whoever does not practice righteousness is not of God, nor is he who does not love his brother. [11]For this is the message that you heard from the beginning, that we should love one another, [12]not as Cain who was of the wicked one and murdered his brother. And why did he murder him? Because his works were evil and his brother's righteous. [13]Do not marvel, my brethren, if the world hates you. [14]We know that we have passed from death to life, because we love the brethren. He who does not love his brother abides in death. [15]Whoever hates his brother is a murderer, and you know that no murderer has eternal life abiding in him.

## Introduction

Whenever we remember God's command to "love one another", the most usual expression that we do is to greet them with a smile. If loving one another was only as easy as giving a smile, a hand shake, or a hug, we all could excel in love. But the description of love that Jesus' commanded requires continual effort because loving others is putting the other person ahead of yourself.

**Philippians 2:1-4**

[1]Therefore if there is any consolation in Christ, if any comfort of love, if any fellowship of the Spirit, if any affection and mercy, [2]fulfill my joy by being like-minded, having the same love, being of one accord, of one mind. [3]Let nothing be done through selfish ambition or conceit, but in lowliness of mind let each esteem others better than himself. [4]Let each of you look out not only for his own interests, but also for the interests of others.

John warned us about the Devil's deception. It is easy to say, "I believe in Jesus." John says, "Look at his life. If he doesn't practice righteousness and if he doesn't live in obedience to God's Word, especially with regard to love, his claim is false."

**1 John 3:7-9**

[7]Little children, let no one deceive you. He who practices righteousness is righteous, just as He is righteous. [8]He who sins is of the devil, for the devil has sinned from the beginning. For this purpose the Son of God was manifested, that He might destroy the works of the devil. [9]Whoever has been born of God does not sin, for His seed remains in him; and he cannot sin, because he has been born of God.

**A. True believer loves one another (social test).**

**John 13:34-35**

[34]A new commandment I give to you, that you love one another; as I have loved you, that you also love one another. [35]By this all will know that you are My disciples, if you have love for one another.

Jesus demonstrated His love to all sinners when He willingly died on the cross for our sins.

Biblical love is a self-sacrificing, caring commitment that shows itself in seeking the highest good of the one loved.

**B. True believer obeys Jesus' commandments (moral test).**

**1 John 2:29**

If you know that He is righteous, you know that everyone who practices righteousness is born of Him.

We need to examine ourselves constantly to not go back to our former self-righteousness and selfishness. Light and darkness cannot mix.

## Challenge

Love unites people while hatred divides people.

**1 John 4:4-7**

[4]You are of God, little children, and have overcome them, because He who is in you is greater than he who is in the world. [5]They are of the world. Therefore they speak as of the world, and the world hears them. [6]We are of God. He who knows God hears us; he who is not of God does not hear us. By this we know the spirit of truth and the spirit of error. [7]Beloved, let us love one another, for love is of God; and everyone who loves is born of God and knows God.





**Rev. Dr. James C. Sy**
*Administrative Pastor*



*Ang buong pamilya ng UCF ay tumatayo bilang mga patotoo at bunga ng kamangha-mangha at kagila-gilalas na pagkilos ng Diyos sa nakalipas na tatlumpu't pitong taon.*

UCF 37th ANNIVERSARY
We are God's WORKMANSHIP
EPHESIANS 2:10

# Tatlumpu't pitong taong KATAPATAN

Tatlumpu't pitong taon na ang lumipas simula nang ibigay ng Panginoon kay Rev. Dr. William Sy ang isang pangitain na magiging daan upang libo-libong kaluluwa ang makasumpong kay Hesus na Siyang nag-iisang daan, buhay, at katotohanan. At tunay na tapat ang Diyos sa Kaniyang pangako dahil matapos ang ilang dekada ay unti-unti nang naisasakatuparan ang mission at vision ng UCF.

Noong Pebrero 25, Linggo, ay ginunita na ang kinasasabikang pagdiriwang ng katapatan at pabor ng Panginoon sa UCF. Kasama ang pamilya ng mga manggagawa at miyembro ng panambahan ay sama-samang nag-alay ng wagas na papuri, kasabay ng pagsasariwa sa kabutihan ng Diyos sa ating panambahan.

**492** KABUUANG BILANG NG MGA BISITA

## Registration

Buong galak na sinalubong ng buong pamilya ng UCF ang bawat bisitang dumalo upang makiisa sa isang espesyal na selebrasyon ng pagkilos ng Diyos sa panambahan na Kaniyang tinawag.













*Nasa puso ng mga anak ng Diyos ang maging kasangkapan sa pagbabahagi ng pag-ibig ni Kristo sa bawat nawawalang kaluluwang idinako ng Diyos sa UCF.*







## Opening PRAYER

Opisyal na binuksan ang programa sa pamamagitan ng isang panalanging may pagpapasalamat sa bawat taong pagsama at gabay ng Diyos sa panambahan.

**Psalm 133:1 (NKJV)** Behold, how good and how pleasant it is. For brethren to dwell together in unity!

# *Souvenir* PHOTOS

Ang pagmamahalan ng kapatiran sa bawat isa ay nag-uumapaw sa araw-araw. Kaya naman ay hindi nila ipinalampas ang pagkakataong ito upang makuhanan ng litrato ang bawat *fellowship group* at maging mga manggagawa ng Panginoon at mga pastor na magsisilbing ala-ala sa selebrasyong ito.



*Suot ang kanilang mga espesyal na damit at matatamis na mga ngiti ay kanilang kinuha ang litratong ito kasama ang kapatiran.*



*Higit ding naghanda ang mga UCF pastors at mga lider para sa malaking gawain ng Panginoon.*



*Pinagbubuklod ng pag-ibig ng Diyos ang bawat mga mananampalatayang buong pusong nagdesisyong tumugon sa tawag ng pagsunod sa Panginoon sa kanilang mga buhay.*



*Maging ang ating mga kapatid mula sa Cabuyao, Laguna ay nakiisa sa selebrasyong ito.*

24 And let us consider one another in order to stir up love and good works, 25 not forsaking the assembling of ourselves together, as is the manner of some, but exhorting one another, and so much the more as you see the Day approaching.

**Hebrews 10:24–25 (NKJV)**

# *Papuri at* PAGSAMBA

Isang oportunidad ang anibersaryo upang ang mga tao ay makalapit sa Panginoon at mabigyan Siya ng mataas na papuri at pagsamba. Ang presensiya ng Panginoon ay naranasan ng mga nagsipagdalo, isang karanasang kanilang babaunin sa kanilang pagpapatuloy sa pagkilala sa Panginoon.











*Mula sa kanilang mga puso ay umaapaw ang pasasalamat at papuri sa Diyos.*









*Buong pusong umawit ang lahat ng papuri at pagsamba sa dakila at tapat na Diyos na tunay ay buhay sa panambahan at sa bawat isa.*

**1 Corinthians 12:12 (NKJV)**

For as the body is one and has many members, but all the members of that one body, being many, are one body, so also is Christ.

# *Makabuluhang* PRESENTASYON

Isang espesyal at makabuluhang presentasyon para sa isang natatanging selebrasyon  ang inihanda ng *Children* at *Youth Fellowship*. Tampok dito ang masasaya at makukulay na awitin na nagdedeklara na sila ay susunod sa Panginoon at mas lalalim sa pagsaliksik sa Salita ng Diyos sa kanilang mga buhay.










*Kinagiliwan ng bawat bisita ang mga batang buong pusong sumayaw at umawit bilang pagbibigay puri sa Diyos.*












*Bunga ng kanilang karanasan sa Diyos ang naising magamit sa paghayo at paghahayag ng pag-ibig ni Hesu Kristo.*

For by one Spirit we were all baptized into one body—whether Jews or Greeks, whether slaves or free—and have all been made to drink into one Spirit.

**1 Corinthians 12:13 (NKJV)**

# *Pagbabahagi ng* SALITA NG DIYOS

Ang mahalagang layunin ng pagdiriwang ay ang makapakinig ng Mabuting Balita ang mga nagsipagdalo at sila ay mataniman ng Salita ng Panginoon. Si Rev. Dr. William ang ginagamit sa maraming taon simula nang maitayo ang UCF, at sa 37 na taon ng panambahan ay muli siyang naging patotoo na ang Diyos ay buhay.





Ang VOV ay nagamit din upang maihayag kabutihan ng Diyos mula noon hanggang ngayon.









Daan-daang kaluluwa ang nakarinig ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng buhay ng Kaniyang lingkod na si Rev. Dr. Sy.



Umawit ang lahat ng maligayang kaarawan sa UCF at ipinanalangin ang panamabahan na ito ay patuloy pagpalain at gamitin pa ng Diyos.

# *Everybody's* BIRTHDAY

Bahagi ng pagdiriwang ng panambahan ang pag-awit ng *happy birthday song* tuwing pagsapit ng anibersaryo, kaya sama-sama muling nagsi-awit ang lahat kasama ang mga pastor ng UCF sa inihandang *cake* para sa pagdiriwang. Nagbigay rin rin ang ilan ng kanilang *gift offering* na kanilang alay sa Diyos.







Naghanda ng espesiyal na cake para sa pagdiriwang ng ika-37 selebrasiyon ng UCF at ng kaarawan ng espiritwal na buhay ng mga mananampalataya ng Diyos.

**1 John 1:7 (NKJV)**

But if we walk in the light as He is in the light, we have fellowship with one another, and the blood of Jesus Christ His Son cleanses us from all sin.

# Photobooth AREA

Bago pa man magsimula ang masayang pagdiriwang, ang mga bisita na sa sabik na dumalo sa anibersaryo ay dumeretso na sa inihandang *photobooth area* kung saan sila ay maaaring magpakuha ng litrato bilang masayang pag-aalala sa nagdaang espesiyal na programa.













*Masaya ang bawat isa na ngumiti sa harap ng kamera kasama ang kanilang pamilya at mga mahal sa buhay.*

















God is faithful, by whom you were called into the fellowship of His Son, Jesus Christ our Lord.

**1 Corinthians 1:9 (NKJV)**

# *Masayang* PAGTITIPON

Lubos na nagagalak ang lahat sa isang maligayang pagkakataon na ito na maipagdiwang ang kabutihan ng Panginoon sa UCF. Ang bawat isa ay sama-samang nagsalu-salo sa mga inihandang simpleng putahe. Sa pamamagitan nito ay nagkaroon ng pagkakataon ang lahat na magkakila-kilala at maihayag si Hesus.















# *Mga* PATOTOO

Ilan sa mga dumalo sa nagdaang selebrasiyon ng tatlumpu't pitong anibersaryo ng UCF ang nagbigay ng kanilang pasasalamat at patotoo sa kanilang mga naging karanasan sa kanilang naging pagdalo. Salamat sa Panginoon dahil ang Kaniyang pag-ibig ay naranasan ng Kaniyang mga anak at ang Kaniyang Salita ay naitanam sa kanilang mga puso.

*Isang napakalaking biyaya at pasasalamat kay Lord dahil napasama ako sa UCF dahil dito ko mas higit na natuklasan at nalaman ang kalooban ng Lord. Mas higit na nabuksan ang aking kaisipan sa pagsunod kay Lord. Lubos akong nagpapasalamat sa Kaniya. At siyempre nagpapasalamat ako dahil nakapunta ako sa ika-tatlumput pitong anibersaryo ng UCF!*

**Kap. Orlando De Sagun**



*Nagpapasalamat ako sa Panginoon dahil mula ng napunta ako dito sa UCF ay maraming nagbago sa buhay ko at sa aking pamilya. Isa rin iyong nagamit ako sa Mt. Tabor at nagamit ko ang aking kaalaman sa paggawa ng facilities. Maraming salamat sa Panginoon!*



**Ernie Hermosa**

*Nagpapasalamat ako sa Panginoon kasi akala ko hindi na ako makakapunta dahil masakit ang likod ko. Pero noong nagpray na ako ay kinabukasan ng maligo ako ay nawala talaga lahat.*



**Mely Atienza**

**Ephesians 4:4-6 (NKJV)**

4 There is one body and one Spirit, just as you were called in one hope of your calling; 5 one Lord, one faith, one baptism; 6 one God and Father of all, who is above all, and through all, and in you all.

Nagpapasalamat ako at kami ay nakarating dito sa aking pinakaminimitihi na ako ay makasama sa panambahang para kay Lord. Salamat ng marami!

**Dorothea Hernandez**



"Every time na pinag-uusapan si God o iyong pagshi-share ng Bible sa mga tao ay doon ko nararamdaman ang love ni God, hindi lang sa akin, kung hindi sa ibang tao."



**Karmina Abitago**

"Nagpapasalamat ako sa Panginoon ngayong araw dahil kahit busy kami as a student ay in-allow Niya kami na makapunta dito at makasama namin yung mga former friends namin at yung mga teacher. Iyong pag-welcome niyo sa akin ay parang hindi ako nawala ng matagal, doon ako na-blessed.
I am very happy na nakapunta ako dito sa UCF."

**Erick Gornez**



"Ito iyong first time ko na ma-experience ang anniversary dahil hindi naman ako nakapunta last year. Pero sobrang thankful ako na may nag-invite sa akin at sa susunod ay gusto ko ulit makapunta."



**Allen James Salazar**

"Nagpapasalamat ako dahil nakarating kami dito sa panambahan ng UCF sa Parañaque at thank You, Lord dahil nakarating kami ng ligtas. Napakasaya ko po dahil marami akong nakilala na kapatiran at maraming naging kaibigan."

**Elizabeth Mendoza**



Nagpapasalamat ako sa Panginoon na nakasama ako sa UCF. Marami akong natutunanan at ganun din ang mga anak ko.



**Genica Pamplona**

"Nagpapasalamat ako dahil binigyan ako ni Lord ng oras na makapunta sa UCF. Nakita ko iyong isang pamilyang sama-sama sa pagsamba at sa saya."

**Julius Barcenas**



"Gusto kong magpasalamat sa Diyos na nakasama ako sa special number ng Youth sa anniversary. Kung hindi ako na-invite ay hindi ako makakasama this anniversary."



**Thomas Parungao**

"Nagpapasalamat ako na na-ivite ako dito sa UCF kasi naka-fellowship ko dito iyong brothers and sisters dito sa church. Also na-remind din ako na we are created to do good works. Nakaka-blessed yung preaching ni Ptr. William kasi na-remind talaga ako na tayong lahat ay ginawa ng Panginoon, and we are also created para tumulong sa iba."

**Fairydee Tuazon**



"Nagpapasalamat ako sa Diyos kasi nakarating ako dito. Pagpunta ko dito ay very blessed ako since na-experience ko iyong presence ni Lord at nakasama ko iyong friends and schoolmates ko dati."



**Danzel Valdez**

"It is such a great opportunity na mapunta sa school na ito kasi hindi lang kami natututo na mag-aral, natututo rin kami ng Word of God. Nagpapasalamat din ako sa friends and classmates ko na nag-invite sa amin dito. Super overwhelming iyong pag-welcome niyo sa amin at marami kaming natutunan."

**John Vincent Allere**



## Purihin ang Diyos sa isang matagumpay na gawaing ito!

That which we have seen and heard we declare to you, that you also may have fellowship with us; and truly our fellowship is with the Father and with His Son Jesus Christ.

**1 John 1:3 (NKJV)**

UCF 37TH ANNIVERSARY THANKSGIVING DINNER

# Pasasalamat sa Diyos na tapat



**Napakaligaya at kahanga-hanga sa ating pangmasid, ang nagkakaisa't laging sama-sama na magkakapatid!**
***Mga Awit 133:1 (MBBTAG)***

Matapos ang pagdiriwang ng kabutihan, habag at dakilang pag-ibig ng Diyos sa panambahan ng UCF sa loob ng 37 na taon, nagsama-sama muli ang kapatiran noong Lunes, Pebrero 26, para sa *Thanksgiving Dinner* nito sa Vikings Luxury Buffet, SM BF Parañaque.

Dinaluhan ng mga kasapi ng panambahan ang gawain kung saan masayang nagdiwang ang lahat sa pangunguna ni Punong Pastor Rev. Dr. William Sy kasama ang iba pang butihing pastor ng UCF. Napuno ng pasasalamat, pagpupuri at walang mapagsidlang kagalakan ang gawain.

Pinanuod din ang isang espesyal na AVP na nagtampok ng mga kaganapan sa anibersaryo at maging mga pasasalamat at patotoo ng mga nagsipagdalo. Papuri at pasasalamat ay tanging sa Panginoong Hesus lamang!



## Pasasalamat SA DIYOS

Ilan sa kapatiran ng UCF ang nagbigay ng kanilang pasasalamat sa Diyos na naging tapat at mabuti sa kanilang buhay. Samu't sari man ang pagsubok na kinaharap, si Hesus naman ang kanilang matibay na sandigan. Ibayong kalakasan naman ang panalangin para sa lahat ni Rev. Dr. William Sy.

**2 Corinthians 6:14 (NKJV)**
Do not be unequally yoked together with unbelievers. For what fellowship has righteousness with lawlessness? And what communion has light with darkness?








## Masayang SALO-SALO

Sa iba't ibang masasarap na putahe ay nagsalu-salo ang bawat isang dumalo ng *Thanksgiving Dinner*. Ang gawain ito na taunan na ring ginagawa ay pagbibigay pasasalamat sa Diyos na naging tapat sa UCF sa maraming taon. Kaparaanan din ito upang magkaroon ng mas malalim na pagsasama at ugnayan ang lahat bilang mga anak ng Diyos. Napuno ng kagalakan ang kapatiran ng UCF higit dahil sa pag-ibig na handog ni Hesus na siyang nagbubuklod sa bawat isa.







## Masayang PAPREMYO

Bilang *souvenir* naman sa ginanap na anibersaryo, handog ng UCF sa mga kapatid natin na nabunot sa *raffle* ang UCF *commemorative shirt*. Dahil 37 na taon na ang katapatan ng Panginoon sa panambahan ay 37 *shirts* din ang ipinamigay bilang mga papremyo. Ito ay ibibigay ngayong Linggo, Marso 3, pagkatapos ng *Sunday Worship Service*. Purihin ang Diyos sa Kaniyang kadakilaan sa panambahang Kaniyang tinawag!

"For where two or three are gathered together in My name, I am there in the midst of them."

**Matthew 18:20 (NKJV)**

HBC UPDATE

# Paglago sa Salita ng Panginoon

Bilang mga tinawag ng Panginoon upang ipahayag ang Kaniyang Salita, patuloy na tumutugon ang mga manggagawa ng UCF sa Mt. Tabor sa tawag na ito sa pamamagitan ng *Home Bible Church* (HBC).

Ang mga natagpuan na ng ating Panginoon ay sabik na marinig muli ang Salita Niya sapagkat ito ang nagsisilbing espirituwal na pagkain ng bawat mananampalataya. Kaya patuloy din ang pangangaral ng mga pastor sapagkat ang Salita ng Diyos ay nararapat na maintindihan upang ang mga nakakilala sa Kaniya ay magkaroon ng kamalayan sa tunay na kalooban ng Panginoon sa kanilang mga buhay.

Sa kasalukuyan ay walong HBC na ang nagpapatuloy sa gawain ng Panginoon. At linggo-linggo ay hinihikayat rin ang iba pang mga kalapit barangay na dumalo sa mga tahanang mayroong HBC upang sila ay makarinig ng katotohanan mula sa Salita ng Panginoon.













**Philippians 2:1-2 (NKJV)**

[1]Therefore if there is any consolation in Christ, if any comfort of love, if any fellowship of the Spirit, if any affection and mercy, [2]fulfill my joy by being like-minded, having the same love, being of one accord, of one mind.




*Pami-pamilya ang nakakaranas ng pag-ibig ng Diyos dahil sa patuloy nilang pakikinig ng Kaniyang Salita at sa pagtuklas ng Kaniyang kalooban sa kanilang buhay.*

**Host: Bro. Ronald Alarca | Leader: Rev. Fidel Dillo**

*Ang bawat taong dumadalo sa HBC ay binibigyan ng pagkakataong makalapit sa ating DIyos Ama sa pamamagitan ng patuloy na pangangaral tungkol sa ating Panginoong Hesus.*




**Hosts: Sis. Nenita Fresnido & Bro. Justine Olimpiada | Leader: Rev. Ricardo Jacob**




**Host: Sis. Niña Murillo | Leader: Rev. Fidel Dillo**




**Host: Bro. Macky Ortilla | Leader: Rev. Morrell Estrellado**

[3]Let nothing be done through selfish ambition or conceit, but in lowliness of mind let each esteem others better than himself. [4]Let each of you look out not only for his own interests, but also for the interests of others

**Philippians 2:3-4 (NKJV)**

# HAPPENING TODAY!

UCA College of Asia (UCACOA) 16th **Commencement Exercises** for Training for Work Scholarship (TWSP) at 1:00 PM in the UCA Auditorium.

***Witness this milestone with us!***

## SERMON NOTES

**Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.**

UCA College of Asia 2008

TESDA Registered
**FREE TRAINING**
*with Allowance*

in partnership with
MuntiParLasTaPat District

## CONTACT CENTER SERVICES NC II

*Become a Competent Call Center Professional*

Requirements:
- PSA Birth Certificate
- Diploma
- 18 years old & above

**REGISTER NOW**

visit our campus
17 Highlight St., Area 4, Fourth Estate Subd. Parañaque City
0992-735-6343 • 0917-100-7345



## Family Camp 2024

**March 30–31, 2024**
**Mt. Tabor Church Re-Creation Center**

REGISTER FOR ONLY **PHP 1,500** | Inclusive of meals, accommodation, shirt and transportation

**JOIN IN WITH THE FAMILY OF GOD IN UCF FOR THIS EXCITING AND MEANINGFUL EXPERIENCE WITH YOUR LOVED ONES!**

### SHARE HIS WORD



### FOLLOW US

- Facebook @UCFOfficial
- Instagram @UCF_Official
- Twitter @UCFOfficial1
- YouTube @UCFOfficial

### VISIT US

**UCF SANCTUARY**
17 Highlight St., Area 4, Fourth Estate Subd., Parañaque City

**UCF MT. TABOR CHURCH**
Purok 1, Brgy. Casile, Cabuyao, Laguna

### CONTACT US

Tel. No. 8-429-8325 (PLDT)
7-954-7527 (Globe)

### WEEKLY SCHEDULE

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
9:00 AM (Parañaque)
3:00 PM (Cabuyao, Laguna)

**HOME BIBLE CHURCH**
For schedule, please see HBC Updates.

**HOUSE OF PRAYER**
8:00 AM - 5:00 PM

Scan these QR codes to watch the replays of the **UCF Sunday Worship Services.**

Facebook | YouTube